

CONSUMER DIRECT CARE NETWORK

PAANO

# I-access ang Secure na Email

Ang Consumer Direct Care Network (CDCN) ay gumagamit ng ligtas na paraan para magpadala ng Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information, PHI). Lahat ng PHI ay ipinapadala sa pamamagitan ng secure na email. Para makita ito, kakailanganin mong mag-sign up o mag-log in sa ating sistema ng secure na mensahe. Nasa ibaba ang isang halimbawa ng kung ano ang maaaring hitsura ng secure na mensahe (Fig. 01). **Tandaan, hindi ito spam. Huwag itong i-delete.**




*Fig. 01*

## Paano Magparehistro

Kung ito ang iyong unang beses na titingin ng secure na email mula sa CDCN, kailangan mong mag-sign up. Iba ito sa pag-log in sa iyong portal sa web o EVV. Narito kung paano ka makakagawa ng password at makakapag-sign up para sa ating sistema ng secure na email:

1. Pagkatapos buksan ang email sa iyong inbox, gamitin ang URL na "Click here (Mag-click dito)" o piliin ang **attachment sa mensahe**. (Fig. 02)
2. Magbubukas ito ng isang window sa browser. Piliin ang button na **Click to read message (Pindutin para basahin ang mensahe)**. (Fig. 03)
3. Ipo-prompt kang gumawa ng account. Ilagay ang iyong email address at pindutin ang **Continue (Magpatuloy)**. (Fig. 04)





*Fig. 02*





*Fig. 03*





*Fig. 04*



*ipinagpapatuloy sa sumunod na pahina*

Kakailanganin mong gumawa ng password.

1. Ilagay ang iyong pangalan at apelyido, pagkatapos ay gumawa ng password. Tiyaking sundin ang mga alituntunin kapag ginagawa ang iyong password. (Fig. 05)
   - Panatilihing ligtas ang iyong password, kakailanganin mo ito sa tuwing makakakuha ka ng secure na email mula sa CDCN.
2. May ipapadalang validation code sa iyong email. Tingnan ang iyong inbox, **at ang iyong spam/junk folder,** para sa code at ilagay ito sa kahon.
3. Piliin ang **Continue (Magpatuloy)**.
4. Makakatanggap ka ng isa pang email na may link para i-activate ang iyong account. Kung hindi mo makita ang mensahe, **tingnan ang iyong spam/junk folder**. (Fig. 06)





*Fig. 05*





*Fig. 06*

## Pag-sign In

Kung nag-sign up ka na at gusto mong tumingin at magpadala ng email:

- I-type ang iyong email at password sa screen ng pag-sign in at pindutin ang **Continue (Magpatuloy)**. (Fig. 07)

***TANDAAN:*** *Kapag nakapag-sign up ka na para sa isang account, sa susunod na gusto mong magbasa ng secure na mensahe, ipo-prompt kang mag-log in gamit ang iyong password.*





*Fig. 07*

## Pag-save sa Iyong Mensahe

Gaya ng email, magagawa mong Tumugon (Reply), Tumugon sa Lahat (Reply All), at I-forward (Forward) ang iyong mga secure na mensahe. Bubuksan mo man o hindi ang iyong secure na mensahe, mag-e-expire ito pagkalipas ng 90 araw. Kung kailangan mo ang mensahe nang lampas pa sa 90 araw, magagamit mo ang opsyong **Save As (I-save Bilang)** para i-download ang mensahe. (Fig. 08)





Fig. 08

- Save Message Body as HTML (I-save ang Body ng Mensahe bilang HTML) – dina-download ang body ng mensahe bilang <message subject>.html.
- Save as Zip Archive (I-save bilang Zip Archive) – dina-download ang mensahe at mga nauugnay na attachment bilang <message subject>.zip.
- Save as EML Message (I-save bilang EMZ Message) – bumubuo ng RFC2822 message batay sa content ng mensahe sa Secure Reader. Hindi kasama sa opsyong ito ang mga naka-embed na larawan.

## Pagpapalit ng Iyong Password

Mula sa screen ng pag-log in sa secure na email, pindutin ang **Forgot Password (Nakalimutan ang Password)**. (Fig. 09)

- May ipapadalang mensahe sa pag-reset ng password sa iyong email. (Fig. 10)
  **Tingnan ang iyong inbox at spam/junk folder** kung hindi mo ito makita.
- Pagkatapos ay ipo-prompt kang maglagay ng bagong password. (Fig. 11)

***TANDAAN:*** *Kung mag-expire ang iyong password bago ka magkaroon ng pagkakataong i-reset ito, ipo-prompt kang i-reset ito sa susunod na magbabasa ka ng secure na mensahe.*





Fig. 09





Fig. 10





Fig. 11

20250506